# Bangsamoro Cultural Village, nais ipatayo ni Joy B sa QC

Nais ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na makiisa ang lungsod sa pagkilos tungo sa kapayapaan sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang cultural village sa Salaam Compound, Culiat.

Ito ay ginawa ni Belmonte makaraan ang pag-apruba sa Bangsamoro Organic Law.

"I was thinking along the lines of transforming the Salaam Compound into a tourist destination. Now, it's still not as pretty, but you know it's just a matter of fixing the electrical lines, making some sidewalks and then asking residents to spruce up their facade," pahayag ni Belmonte.

Ang pagbuo ng Bangsamoro Cultural Village ay isang joint project ni Belmonte at dating Department of Environment and Natural Resources (DENR) Secretary Gina Lopez na isasailalim sa "iLove Quezon City" project na nais nilang maging "flourishing green economy" ang nasabing compound.

Pangarap din ni Belmonte para sa nasabing compound na gawing tagapagtaguyod ng kultura ng mga kapatid na Muslim na matatagpuan sa pusod ng lungsod.

"They cook traditional halal Muslim food. So now, what you just have to do is make sure that their food is safe, may sanitation permits, and then you can actually bring tourists there to eat," paliwanag ni Belmonte.

Anya, ang mga residente ng Culiat ay maaaring makipagnegosyo sa kanilang mga kamag-anak sa Mindanao. Halimbawa rito ay ang pagpapadala ng spices, malong at iba pang mga produkto mula Mindanao patungong Quezon City. Bahagi rin sa proyektong ito ang paghahanap ng sponsor para sa pagpapatayo ng isang bagong mosque sa lugar. *(Angie dela Cruz)*